**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL A

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Oryentasyon sa Kurso

- Paglalantad ng mga ekspektasyon sa semestre
- Pagtalakay sa Gabay sa Kurso
- Detalye ng Diyagnostikong Pagsusulit

Introduksiyon

Sa modyul na ito matutunan mo ang mga pagpapalagay sa wikang Filipino. Ito ang mga dahilan kung kailan, saan, at bakit ginagamit o hindi ginagamit ang wikang Filipino sa lipunang Pilipino. Ang mga palagay na ito rin ang nagiging ugat ng pagtatalo at debate tungkol sa wikang pambansa.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul A, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagsusuri sa magkakaibang palagay tungkol sa wikang Filipino;
2. Makapagbubuo ng sariling pagsusuri sa kalagayan ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino.

Ginagamit mo ba ang wikang Filipino? Sa anong pagkakataon mo ito ginagamit? Ayon kay De Quiros (2003), may dalawang kapangyarihan ang wika: instrumento sa komunikasyon at kasangkapan para makapaghari. Bilang instrumentong pangkomunikasyon, ginagamit ang wika sa iba't ibang plataporma para magkaintindihan ang mga tao. Ngunit maari ring maging dahilan ang wika ng hindi pagkakaintindihan at pagkakahati sa lipunan.

| **Gabay sa Talakayan sa Klase** |
| --- |
| 1. Basahin mo ang *Kapangyarihan ng Wika, Wika ng Kapangyarihan (2003)* ni Conrado de Quiros.<br>2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano-ano ang maling akala tungkol sa wikang Ingles?<br>b. Paano ginamit ng mga Kastila at Amerikano ang wika ayon kay De Quiros?<br>3. Basahin mo ang mga sumusunod na sanaysay:<br>*a. Language, Learning, Identity, Privilege (2011)* ni James Soriano<br>*b. How My Sons Lost Their Tagalog: Sulat kay James Soriano (2011)* ni Benjamin Pimentel<br>4. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Sumasang-ayon ka ba sa pananaw ni Soriano tungkol sa wikang Filipino? Bakit?<br>b. Sumasang-ayon ka ba sa pananaw ni Pimentel tungkol sa wikang Filipino? Bakit? |

Ang mga pananaw sa wikang Filipino ay hinuhubog ng kolonyal na kasaysayan ng bansa. Gayundin, nakasandal ito sa iba't ibang salik panlipunan. Naaapektuhan ito ng iba't ibang karanasan sa paggamit, pagkalantad, o pag-aaral ng wika.

<u>Pangwakas</u>

Dahil sa pagpapagamit at pagtuturo ng dayuhang wika ng mga mananakop naging Iba (Other) ang tingin at pagturing sa wikang Filipino. Gayundin, ang uring panlipunan na nagsulong at nakinabang sa kolonyal na karanasan ng bansa ang lalo pang nagpatibay ng mababang pagtingin sa wikang Filipino. Sa mga susunod na modyul, malalaman at masusuri mo ang tunay na kahalagahan ng wikang Filipino at maging ibang wika sa Pilipinas.

<u>Mga Sanggunian</u>:

1. De Quiros, C. *Kapangyarihan ng Wika, Wika ng Kapangyarihan.* Daluyan Jornal. DFPP. UP Diliman. 2003. https://drive.google.com/file/d/1Pfm8pTt5aXE5UF-mTZBSuCwkeEqDtu45/view?usp=sharing

2. Soriano, J. *Language, Learning, Identity, Privilege.* Philippine Daily Inquirer. Setyembre 10, 2011. *https://opinion.inquirer.net/11649/language-learning-identity-privilege*
3. Pimentel, B. *How My Sons Lost Their Tagalog: Sulat kay James Soriano.* Philippine Daily Inquirer. Setyembre 10, 2011. *https://opinion.inquirer.net/11655/is-filipino-for-stupid-people*

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)